

**Pagsusuring-Aklat: Tremml-Werner,
Birgit. *Spain, China, and Japan in Manila, 1571-
1644: Local Comparisons and Global
Connections.* Amsterdam: Amsterdam University
Press, 2015.**

Maynila Bilang Modelo ng Makabagong Lipunan

Kim P. CATAQUIAN

Philippine Normal University

kpcataquian@gmail.com

<https://orcid.org/0009-0000-3889-9072>

ABSTRAK


Naging pangunahing sentro ng kalakalan ang Maynila sa panahon ng pag-usbong ng mga estadong maituturing na makapangyarihan sa rehiyon ng Asya – ang Tsina, Hapon at España na noo’y nanunungkulan sa kasalukuyang Pilipinas. Sa pag-aaral ni Birgit Tremml-Werner na isang iskolar sa kasaysayan ng Silangan at Timog-Silangang Asya, ibinahagi niya ang paglalahad ng perspektibo sa pagbubuo ng relasyon at diplomasya ng mga nabanggit na estado sa pamamagitan ng pag-usbong ng pang-ekonomiyang sistema. Ang sistemang ito na binansagang “*Manila system*” ay isang halimbawa ng *triangular relations* na nagpaliwanag sa gampanin ng Maynila bilang sentro ng ekonomiya kung saan naganap ang mga gawaing-pangangalakal na nakatulong sa pag-unlad ng mga estado ng Tsina, Hapon at Imperyong España. Ang mga pagbabagong naidulot ng pagkakaroon ng *triangular relations* sa pagitan ng mga estado ay nagbunga ng mga pagbabago sa pagdedesisyon ng mga estado at sa pagpapalitan ng kulturang nakaapekto sa nakagisnang pamumuhay ng mga tao sa kani-kanilang mga teritoryo. Sa pagsusuring-librong ito, binigyang-diin ang pamamaraan ng may-akda sa pananaliksik at pagpapaliwanag ng naging impluwensya ng kalakalan at sistemang pang-ekonomiya sa buhay ng mga mamamayan at mga kasangkot dito. Ang pagsusuri sa naging interaksyon ng mga estado ang nagbigay-daan sa mga iskolar ng kasaysayan na tingnan ang mga ginamit na perspektibo sa pag-aaral ng naging tunguhin ng mga estado sa pagsasakasaysayan ng ekonomiya at lipunan.

Mga susing salita: *transnational history, kalakalan, diplomasya, Maynila, panrehiyong pag-aaral sa Asya*

ABSTRACT

Manila became one of the centers of economy of the region in Asia that was known to be dominated by the influential states: China, Japan and Imperial Spain that ruled over the territories presently known as the Philippines. In this study of Birgit Tremml-Werner, a scholar of the history of East and Southeast Asia, she introduced the exposition of different perspectives in the formation of relations and diplomacy in the aforementioned influential states. This system was known as the “Manila system” which became an example of triangular relations explaining the role of the City of Manila as center of economy and commerce, and a platform for trading. Economic activities would soon affect the decision-making process of the states. This system also provided avenues for the exchanges of ideas and culture that would be influential to the lives of those involved and the locals. In this book review, the methodology of the author in historical research and explanation of the influential factors in this system and the economic conditions that were affected by the relations of the states. The complimentary analysis of the interaction of these states became an invitation for the scholars of history to explore perspectives that would provide interpretations of the state of historicizing economy and society.

Keywords: *transnational history, commerce, diplomacy, Manila, Asian regional studies*

a makabagong panahon, usapin ang globalisasyon bilang penomena na nakapagbigay-kahulugan sa mabilis na pagbabago ng mga lipunan sa pamamagitan ng mga inobasyon sa pakikipagpalitan ng mga ideya mula sa iba’t ibang lahi. Binibigyang-punto rito ang proposisyon na pagliit ng mundo dahil sa pagusbong ng mas marami at mas mabilis na mga pamamaraan upang magkaroon ng interaksyon ng mga tao. Ang interaksyon na ito ang nakikitang dahilan ng pagbuo ng mga lipunan ng tao na magbubuo ng kani-kanilang pamantayan ng pamumuhay. Sa disiplina ng kasaysayan, ito ay ang naging pokus ng pag-aaral ng *transnational history* na nakatuon sa pagdedesisyon at paggalaw ng sangkatauhan na nagkakaroon ng epekto sa iba’t ibang aspeto ng lipunan. Mula sa mga interaksyon na ito, napapalitaw ng *transnational history* ang iba’t ibang modo ng pakikisalamuha at interaksyon ng mga tao na nagbunga ng mga pagbabago ng isang lugar. Mula rito, naapektuhan ang mga salik na maaaring matingnan sa kasaysayan ng isang lugar.

Kabilang sa mga salik na ito ay ang paglago ng mga ekonomiyang magbibigay ng sustento sa mga pangangailangan ng mga tao. Ang pagpapayaman nito ay ang pangunahing dahilan ng pagusbong ng mga sistemang pang-ekonomiya at pagtatatag ng relasyon ng mga estado.

Kasama sa mga kinikilala ng penomenang ito ang pagkakaiba ng mga ito sa kultura, pamamahala at ideolohiya na nakitang potensyal na makakaapekto sa pagkakabuo ng mga relasyon ng mga estado.¹ Ito ang nakita sa pag-aaral ni Birgit Tremml-Werner sa pagbubuo ng isang modelo ng pagtingin sa Maynila bilang sentro ng *triangular relations* ng tatlo sa mga maituturing na malalaking estado noon dahil sa lawak ng impluwensya ng mga ito at pagkakaroon ng mataas na pagtingin sa pag-unlad mula sa labas na perspektibo ng mga teritoryo nito² - España, Hapon at Tsina. Isang propesor sa Linnaeus University³ at *senior lecturer* sa kasaysayang pandaigdig sa Stockholm University⁴, binibigyang-pokus ni Tremml-Werner ang kanyang mga pag-aaral sa kasaysayan ng Silangan at Timog-Silangang Asya. Ginamit ng may-akda ang kanyang espesyalisasyon upang mapag-aralan ang pagbubuo ng relasyon ng tatlong maimpluwensyang estado sa paglago ng ekonomiya sa rehiyon.

Batay sa kanyang disertasyon, ang akdang “Spain, China and Japan in Manila: 1571-1644, Local Comparisons and Global Connections” ni Tremml-Werner ay naging pag-aaral sa relasyon ng Tsina, Hapon at Imperyong España na nabuo sa pamamagitan ng pagtataguyod ng ugnayang panlabas upang mapunan ang pang-ekonomiyang pangangailangan ng mga estado. Gamit ang komparatibong pagsusuri, nakita niya ang pagkakaroon ng iba’t ibang pananaw mula sa kaibahan ng mga pinagmulan ng mga kalahok sa mga pang-ekonomiyang gawain bilang maimpluwensyang salik sa pagbubuo ng mga persepsyon ukol sa relasyon ng mga estado.

Ngunit bago talakayin ang konsepto ng pakikipag-ugnayan at pagpapalitan ng produkto sa usapang pang-ekonomiya, binigyang-diin ni Tremml-Werner na ang Tsina, Hapon at Imperyong España Pilipinas ay maituturing na mga estadong binubuo sa tinaguriang “*Manila system*”⁵. Ito ay nagbunga

¹ Duncan S. A. Bell, “History and Globalization: Reflections on Temporality,” review of *Globalization in World History*, by A. G. Hopkins and *Global Metaphors: Modernity and the Quest for One World*, by Jo-Anne Pemberton, *International Affairs*, July 2003. Sa kanyang rebyu ng “Globalization in World History” ni A. G. Hopkins at ng “Global Metaphors: Modernity and the Quest for One World” ni Jo-Anne Pemberton, ipinaliwanag ni Duncan S. A. Bell ang makabagong pagpapakahulugan sa globalisasyon bilang penomenang nagpabago sa pagtingin ng mga tao sa konsepto ng pagbabago sa pamamagitan ng pagbibigay ng bagong perspektibo sa pagtingin sa pamamaraan ng pakikipagsamuha ng mga tao.

² Birgit Tremml-Werner, “Triangular Foreign Relations Intercultural Diplomacy in the South China Sea”, in *Spain, China and Japan in Manila: 1571-1644, Local Comparisons and Global Connections* (Amsterdam University Press, 2015), 173.

³ “Birgit Tremml Werner,” Linnaeus University, accessed September 6, 2024, <https://lnu.se/en/staff/birgit.tremmlwerner/>

⁴ “Birgit Tremml-Werner,” Stockholm University, accessed September 6, 2024, <https://www.su.se/english/profiles/bitr0401-1.635173>

⁵ Birgit Tremml-Werner, “Introduction”, in *Spain, China and Japan in Manila: 1571-1644, Local Comparisons and Global Connections* (Amsterdam University Press, 2015), 18.

sa pagkakaroon ng nagkakaisang ideolohiyang pangkaisipan at pampolitika na naimpluwensyahan ng mga pinagmulang kultura ng mga taong nakikilahok rito, na hinubog din ng kanilang kasaysayan at kapaligiran. Sa depinisyong ito, pinatungkulan na ang kahulugan ng estado bilang katipunan ng mga taong naninirahan sa isang pamayanan⁶. Ang mga estadong ito na pinagmulan ng mga kalahok sa mga pang-ekonomiyang gawain ay nakabuo ng mga ideya at kultura na naipagpapalit sa mga transaksyong nakapaloob rito.

Dahil sa kanilang paunang kaalaman at kinalakihan, nahubog ang *Manila system* na nagdulot sa mga estado na magkaroon ng mga bagong ideolohiya na kanilang maaaring isaalang-alang sa paggawa at pagsasakatuparan ng mga patakaran sa pamamahala. Kabilang dito ang mga magiging batayan sa pagpasok sa mga kasunduan at pakikipagpalitan sa pagitan ng iba't ibang pamahalaan. Nabigyan din nito ng pagkakataon ang mga nanunungkulan na magkaroon ng iba pang perspektibo na kanilang magagamit sa pagsasatupad ng mga kautusan, lalo na ang mga makakaapekto sa ekonomiya ng mga estado. Nakita ito sa mga patakarang nabuo kung saan nagkaroon ng mga pagkakataon sa kasaysayan na nagpatupad sila ng mga limitasyon o tuluyang isinara ng ugnayang panlabas ang mga estado upang mabigyang proteksyon ang kanilang pansariling interes. Sa kalaunan, nagkaroon ng interes ang mga makapangyarihang estado sa mga papasuking kasunduan bunga ng kanilang desisyon sa pagpapaunlad ng kani-kanilang mga ekonomiya. Bagkus, ang mga pagbabago sa pagdedesisyon at layunin ng mga patakaran sa ekonomiya ng mga indibidwal na lipunan ang naging manipestasyon ng isang katangian ng estado na pinatungkulan ni Tremml-Werner ukol sa paggamit ng lakas bilang pangunahing tanggulan ng interes ng estado⁷.

Dito nabuo ang *triangular relations* ng tatlong estado, at ang Maynila ang nagsilbing sentro nito dahil sa lokasyon na malapit sa dagat at may presensya ng mga anyong-tubig sa lungsod, kung kaya't ito ay madaling mapuntahan

⁶ Tremml-Werner, "Introduction," 17. Binigyang-diin ni Tremml-Werner ang kahulugan ng isang lipunan batay sa pagkakasakahulugan ng Amerikanong sosyolohista na si Charles Tilly kung saan ang pagtitipon ng mga tao sa isang pamayanan ay dahil sa pagkakaroon ng isang salik na pumipwersa rito na makalikha ng isang lipunan upang mabigyan ito ng solusyon

⁷ Batay sa pagsasalarawan ng Aleman na sosyolohista na si Max Weber, kung saan ay matagumpay nito inangkin ang pagkakabuo ng isang lipunan sa pamamagitan ng lakas na kinikilala ng mga mamamayan nito sa loob ng isang teritoryo. Isinaad din ni Weber ang mga salik na nakakaapekto sa pagbubuo ng isang estado, na makikita sa pagdedesisyon ng magiging katangian ng mga estado at ang pamamaraan ng pagpili sa mga mamumuno rito. Ang pagsasabuo ng isang modernong estado (*modern state*) ay maaaring isalarawan sa pagkakaroon ng maayos na organisasyon ng burukrasya. (82); Max Weber, "Politics as Vocation," in *From Max Weber: Essays In Sociology*, ed. H. H. Gerth and C. Wright Mills (Oxford University Press, 1946), 77-128.; Weber, "VIII. Bureaucracy," 196, 212.

ng mga barkong pangkalakal mula sa iba't ibang estado. Nakatulong din ang pagpapatupad ng Imperyong España ng mas maluwag na mga kautusan at regulasyon sa pagpapalitan ng mga produkto sa pagsasakatuparan nito. Nakipagpalitan ng produkto ang mga mangangalakal, tulad ng pilak na kinukuha mula sa *Nueva España*⁸ na inaangkat ng Tsina upang gamiting bilang salapi sa teritoryo, seda mula sa Tsina na ginagamit ng mga Hapon sa paggawa ng mga tela, at mga armas at porselana mula sa Tsina at Hapon na ginamit naman sa Maynila.⁹ Ang mga aktibidad din na ito ang naging dahilan ng pag-usbong ng mga pamayanang Tsino at Hapon sa Maynila, kung saan ay naipakilala rin nila ang kanilang mga gawi at kultura na nakatulong sa pamahalaang kolonyal ng España na mapaunlad ang kanilang pamamahala. Ang pagbubukas ng pintuan ng mga estadong ito ay naging mahalaga upang mapaigting ang kanilang ugnayan sa labas ng Maynila. Nakinabang dito ang mga paring misyonero mula sa kolonya ng España upang maisakatuparan ang kanilang layon na maipalaganap ang Kristiyanismo sa rehiyon. Napalawak din ang naisin ng mga estado na palakasin ang kanilang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagbubukas ng kanilang mga estado sa iba pang lahi, tulad ng mga Portuges. Ang pagtaas ng bilang ng populasyon ay dulot ng magandang imahe ng lungsod sa mga mangangalakal, na nagbunga ng pag-usbong ng mga pamayanan.

Nasasaklaw ng pagsasakasaysayan nito ang mga polisiya at modelo na nais na ipatupad ng mga pamahalaan batay sa istrakturang binuo nito. Sa pagpapaliwanag ng magiging argumento ng akda, inilahad ni Tremml-Werner ang kasaysayan ng mga estado ng Imperyong España, Tsina at Hapon, partikular ang pagbuo ng impluwensya ng mga ito sa rehiyon ng Asya. Ukol sa diskusyon sa Imperyong España, pinagtuunan ng pansin ng may-akda ang kaakibat na mga hakbangin ng monarkiya sa kanilang presensya at awtoridad sa teritoryo ng Pilipinas, kung saan matatagpuan ang Maynila. Bagkus, naging pokus dito ang pagsasakatawan ng España bilang kolonisador na umaakto bilang pangunahing namumuno sa isa sa mga lupain sa Asya, na kinakatawan naman ng Pilipinas. Ang pagsasakatao ng monarkiya sa kanilang presensya ay masasabing nakatulong upang makipagsabayan ito sa mga estadong maituturing na matatag sa pulitika at ekonomiya ng rehiyon. Sa ganitong panunulat, nabigyang-diin ng Tremml-Werner ang personipikasyon ng España bilang may-ari ng teritoryo at ginamit upang makasabay sa tawag ng pagpapaunlad ng ekonomiya sa Asya. Naging plataporma ng pagpapadaloy ng diskusyon na ito ang pamamahala ng España sa Pilipinas upang maipaliwanag ang mga sistema sa ekonomiya at pulitika at ang epekto nito sa isa't isa na nagingistratehiya ng Tsina at

⁸ Kalupaan na sakop noon ng monarkiya ng España na matatagpuan sa mga kasalukuyang bansa sa Hilaga at Timog Amerika tulad ng Mehiko at ilang bahagi ng Estados Unidos ng Amerika.

⁹ Birgit Tremml-Werner, "Conclusion", in *Spain, China and Japan in Manila: 1571-1644, Local Comparisons and Global Connections* (Amsterdam University Press, 2015), 315.

Hapon sa pamamalakad ng komersyo sa rehiyon. Nabanggit din sa akda ang pagkakaroon ng pag-aalinlangan ng Tsina at Hapon hinggil sa presensya ng España hinggil sa pansarili nitong interes.¹⁰ Ang komprehensibo at ispesikipong talakayan ng pinagmulan ng naging istraktura ng pulitika at ekonomiya ng bawat estado ay nagbigay ng pagpapaliwanag sa pagkakaroon ng komparatibong balangkas na naisunod ni Tremml-Werner sa kanyang akda bunga ng kanyang pagpapalalim sa usapin ng mga galawan sa loob ng sistema ng mga estado na makakaapekto sa kanilang panlabas na interaksyon sa bawat isa. Nakita rin ito sa kanyang pagpapaliwanag hinggil sa interes ng mga estado sa pagkontrol ng kani-kanilang kalakarang panlabas na ugnayan.¹¹

Sa estilo ng panunulat ni Tremml-Werner, nabigyang-diin ang pagpapalalim at paglawak ng sakop ng naging pokus ng pananaliksik. Naipakita ito sa kanyang paunang talakayan sa naging takbo ng kasaysayan ng mga estado bago ang panahon ng pagbubuo ng *Manila system*, at ang paggamit nito upang talakayin ang kanyang pagsusuri sa naging epekto nito mula sa lokal na perspektibo patungo sa nabuong mga relasyong panlabas at diplomasya. Gamit ang mga batis na nahinuha mula sa mga sinupan, gumamit ang may-akda ng mga pangyayari na nakapagpabago sa pamamahala ng ekonomiya at gobyerno, at ng ugnayan nito sa mga napiling estado upang makabuo ng mga pagsusuri mula sa lokal na perspektibo patungo sa mas malaking sakop na ipaliliwanag ng ugnayan na nabuo bilang *triangular relations*. Nakatulong ang mga batis na isinulat ng mga banyaga, partikular ang patungkol sa pamamahala at takbo ng ekonomiya sa Pilipinas, upang mabigyang-diin ang pagpapaliwanag ng may-akda hinggil sa awtoridad ng España sa Pilipinas na nagpalitaw sa impluwensya nito bilang isa sa mga makapangyarihan sa usapan ng kolonisasyon. Bagkus, ang mga batis na ito ay naging epektibo sa pagpapakilala sa España bilang makapangyarihan at lumitaw ito sa pananaliksik, na siyang naging batayan upang ipantay ito sa kakayahan na mayroon ang Tsina at Hapon sa pagpapatatag ng komersyo sa rehiyon, kahit pa na maituturing na banyaga sa Asya ang España. Hinggil naman sa Tsina at Hapon, ang naiwang mga batis na napanatili at nagamit ng may-akda ang nagsasalarawan ng pagiging matatag ng kani-kanilang mga imperyo at pamamahala sa kabila ng banta na

¹⁰ Nagbigay si Tremml-Werner ng mga pangyayari hinggil sa Tsina kung kailan nagbuhat ang pagpapatatag ng mga polisiyang magpoprotekha sa kanilang interes sa ekonomiya magmula noong panahon ng dinastiyang Qing, at ng pagkokonsidera ng mga namumuno sa Hapon ukol sa kanilang pakikipag-ugnayang panlabas.; Birgit Tremml-Werner, “1. The Comparative Framework – Encountering the Other”, 86.

¹¹ “All three pre-modern states had an interest in controlling foreign trade, either for the sake of enriching their treasury or for the sake of guarding their territorial borders.”
Birgit Tremml-Werner, “1. The Comparative Framework Concluding Remarks”, 89.

maaaring maidulot ng presensya ng mga aktor na maituturing na banyaga sa Asya.

Sa pamamagitan ng paunang talakayan sa mga pangyayari at sistema ng pamamahala at ekonomiya ng mga estado, napalalim ng may-akda ang kanyang argumento hinggil sa pagsasalungat sa paunang kaisipan sa pag-aaral ng kasaysayan ng ugnayan ng mga bansa hinggil sa saklaw ng impluwensya ng España sa rehiyon. Tahasang inilahad ng may-akda ang kanyang pagtuligsa sa *Eurocentric* na pagtingin sa pagsasakaysayan ng ekonomiya at pulitika sa rehiyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng patas na pagtingin sa naging epekto ng mga estado sa naging relasyon ng bawat isa sa sistemang ito. Aniya ni Tremml-Werner, ang pag-aaral ay nagsulong na “...tuligsain ang mga monopolyong kaisipan sa mga estado, tulad ng España bilang atrasadong estado, sa Hapon bilang isang agraryo at nagkukulong na estado, o ang Tsina bilang estadong nagpapakita ng kapangyarihan na hindi maaaring salungatan ng iba.” [akin ang salin]¹² Samakatuwid, nagkaroon ng pagbalanse sa talakayan ng España, Tsina, at Hapon na naipakita sa diskusyon ng may-akda sa iba’t ibang perspektibo ng pagturing sa Maynila bilang sentro ng kalakaran, komersyo at pagpapalitan ng interaksyon buhat ng pagturing sa lungsod bilang “*melting pot*” ng sangkatauhan, kultura at mga ideya. [akin ang salin]¹³

Dito pumapasok ang usapin ng kultura bilang salik ng pakikipag-ugnayan ng mga estado. Dahil sa pagbibigay-diin sa pagsiyasat ng may-akda sa lalim at lawak ng pananaliksik hinggil sa pagbubuo ng ugnayan ng mga estado, mas lalong napalitan ang kahalagahan ng pagtalakay sa mga pangunahing aspeto na nakakaapekto sa pamumuhay ng mga mamamayan.

Naging instrumento ang mga mamamayan at mangangalakal sa pagpapalitan ng mga produkto sa pang-ekonomiyang sistemang ito. Dito, hindi maiiwasan na maipagpalit din ang mga ideya na labas sa naisin ng mga mangangalakal na gawin ang pagpapalitan nang eksklusibo lamang sa mga produktong magagamit sa kanilang pamumuhay. Halimbawa na lamang dito ay ang mga produktong ipinagpapalit sa sistemang ito, tulad ng pilak sa mga Tsino at seda sa mga Hapon. Ganito ang naging pagtakbo ng sistemang pang-ekonomiya ng mga tao mula sa tatlong estadong nabanggit sa Maynila. Dahil dito, maituturing ang Maynila bilang lugar ng sinilangan ng *proto-*

¹² “The ultimate aim of this comparative study is to undermine the myth of a monopolising Spain, a backward, uninterested Japan and an agrarian, isolationist, or even despotic China.”; Birgit Tremml-Werner, “3 The Trilogy of Triangular Trade Concluding Remarks”, 168.

¹³ Birgit Tremml-Werner, “2 The Foundations of a Global Stage - Towards Manila’s Global Integration”, 122.

*globalization*¹⁴ na mailalarawan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pagpapalitan mula sa mga taong may pangunahing layunin lamang na mangalakal ng mga produktong kinakailangan sa kanilang mga bansa.

Ngunit, ang pagdami ng mga mangangalakal sa iisang lugar ang naging mitsa rin ng unti-unting pagbagsak ng Maynila bilang sentro ng kalakalan. Gayunpaman, hinubog ng Maynila ang mga patakaran sa imperyong España, Tsina at Hapon na nakatulong sa kanilang paglago ng mga bagong sentro ng kalakalan. Nagkaroon ng mga hakbang ang mga mangangalakal upang mapalago rin ang iba pang lugar sa rehiyon na maging sentro ng kalakalan sa rehiyon. Nagbigay-daan din ito sa pagbuo ng naisin sa mga mangangalakal na sumali sa mga gawaing pang-ekonomiko na nag-udyok ng mas marami pang mangangalakal. Dahil dito, umusbong din ang mga banta sa seguridad ng mga kasama sa mga gawaing ito. Upang matugunan ito, nagkakaroon ng mga regulasyon, tulad ng tributo, na nagbigay ng proteksyon sa mga mangangalakal laban sa mga pirata.

Nakita sa pag-aaral ni Tremml-Werner na nakaapekto ang iba't ibang perspektibo na nabuo mula sa *triangular relations* sa pulitika, kultura at pag-iisip ukol sa pakikipagkalakalan at pagpasok sa mga relasyon at diplomasya ng mga estado. Nabuo ang kani-kanilang interes na nagbunga ng kanilang pagtugon sa mga takbo ng ekonomiyang panlabas. Ginamit ni Tremml-Werner ang kanyang paglalapat ng panahong saklaw ng kanyang pag-aaral sa mga pangyayari sa kasaysayan na may kinalaman sa relasyong pang-ekonomiya na kalaunan ay nakaapekto sa pang-indibidwal na kaunlaran ng Tsina, Hapon at ng España. Ang relasyon ng mga teritoryong nakinabang sa kalakalan ng Maynila ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa ekonomiya sa pagpapanatili ng istruktura ng lipunan sa mga ito. Ang pagkakaiba-iba sa paniniwala na hinubog sa Tsina, Hapon at Luzon na nasa pamamahala ng España ay nakaapekto sa kanilang polisiya na ipinatupad sa pangangalakal, lalo na sa pagpasok at paglabas ng mga produkto mula sa mga pantalan sa kani-kanilang mga teritoryo. Sa pagtatapos ng kanyang talakayan tinuon ni Tremml-Werner ang naging epekto ng pagpasok ng mga estado at ng mga

¹⁴ Penomenang naging pundasyon ng kasalukuyang konsepto ng globalisasyon. Binigyang-kahulugan ng mga historyador na sina A. G. Hopkins at Christopher Bayly, na nagsasalarawan bilang panahon ng pagtaas ng oportunidad sa pakikipagpalitan ng mga produkto at ideya mula sa mga kultura, at pagdami ng mga kasunduan ukol sa ugnayang panlabas. Ipinaliwanag din ni Bell ang *proto-glocalization* bilang panahoon kung saan sumailalim sa pagbabago ang mga institusyong pampulitika at pangkonomiya upang magkapagbigay-daan sa pag-usbong ng mga Sistema ng pakikipagkalakalan at mga industriya mula 1600-1800.; Duncan S. A. Bell, "History and Globalization: Reflections on Temporality," review of *Globalization in World History*, by A. G. Hopkins and *Global Metaphors: Modernity and the Quest for One World*, by Jo-Anne Pemberton, *International Affairs*, July 2003.

mangangalakal sa interaksyon ng mga tao at pagdating ng mga taong maninirahan at makikipagsapalaran sa Maynila. Ang mga naganap hinggil sa ekonomiya at komersyo sa lungsod ang naging sanhi ng pagturing rito bilang *“flexible labour market”* na nagbunga ng presensya ng iba’t ibang lahi at pagpapalitan ng mga kakayahan at ideolohiya na kalaunan ay naging pokus ng talakayan hinggil sa migrasyon, ekonomiya at pangkalahatang pamumuhay sa lungsod.¹⁵

Ang mga pagbabago sa lipunan bunga ng paghubog sa ekonomiya at pulitika ay nakakaapekto sa paghubog ng mga interpretasyon sa kasaysayan. Kung ikukumpara sa kung papaano nabibigyang saysay ang pag-aaral ng kasaysayan sa pangkaraniwang lente, mas nangangailangan ito ng masusing pagsusuri at talakayan, lalo na sa usapin ng kakayahan ng mga tauhan at elementong nakakaapekto sa mga pangyayari sa kapanahunang yaon. Samakatuwid, magkakaroon ng pagpapakilala sa paggamit ng lente mula sa mga miyembro at iba pang salik ng pagbabago ng lipunan. Ang mga dahilan ng mga pagbabago sa lipunan ay ang nagiging pangunahing tahakin ng pag-aaral ng pagsasakasaysayan ng mga naging ugnayan ng iba’t ibang estado. Ngunit ang mga nabubuonang mga hinuha muna sa kritikal na pag-aaral ng nabubuksan ang potensyal na pag-aaral ng relasyon ng mga estado at ang kanilang ugnayan na naging pundasyon sa lumalawak na pag-aaral ng *transnational history*. Ang pagkakaroon ng panibagong perspektibo sa pag-aaral ng kasaysayan ay nagbibigay ng bagong anyo sa iba pang kailangang tingnan sa pag-aaral nito. Kaugnay nito, hindi naiiwasan na sa paggamit ng mga bagong perspektibo sa pag-aaral ng kasaysayan, makaligtaan ang mga salik na humubog sa mga pangyayaring nagiging pokus ng pinag-aaralan ng mga iskolar.

Dito pumapasok ang konsepto ng tao bilang pangunahing aktor sa pagsusulat ng kasaysayan. Binigyang-diin ng may-akda ang pagkakaroon ng pangkalahatang perspektibo ng mga naunang historyador sa pagsusuri ng mga dokumentong may kinalaman sa ispesipikong panahon ng pinag-aaralan. Ang karaniwang pagtingin sa mga naratibo ng kasaysayan, na gumagamit ng pangkalahatang lente upang isalarawan ang buong sistema, ay maaaring makalinlang sa pagsusuri tungo sa pinakamalapit na patunay ng mga pangyayari at mga kadahilanan nito. Makikita sa interpretasyon ng may-akda ang paggamit ng mga batis na maituturing nang bahagi ng tradisyunal na pag-aaral ng kasaysayan, kung saan ang mga ito ay karaniwang naisulat ng mga namamahala sa pagpapatakbo ng ekonomiya at ng pulitika. Ang mga datos at obserbasyon ay karaniwang ginamitan ng kani-kanilang mga kaalaman na nakabatay sa nakasanayang kultura, na

¹⁵ Birgit Tremml-Werner, “7. Manila as Port City - A Flexible Market?”, in *Spain, China and Japan in Manila: 1571-1644, Local Comparisons and Global Connections* (Amsterdam University Press, 2015), 284-290.

nagdidikta ng pamamaraan ng pagkakasulat ng mga naratibo upang maisalarawan ang mga pangyayari noon. Ilan sa mga halimbawa na ibinigay ay ang mga naratibo nina Antonio de Morga¹⁶ at Hernando delos Rios Coronel¹⁷ na ginamit ang kanilang kaalaman at sariling paniniwala upang maging natatanging batayan ng kanilang interpretasyon ng pangyayari. Dahil dito, nakita ang mga pagkukulang sa pagsusuri ng konteksto sa pagsusulat ng mga naratibo buhat ng paggamit ng pansariling perspektibo at obserbasyon ng mga naunang manunulat. Madalas ito makita sa interpretasyon ng mga dokumento at ulat noon na naging batayan sa pamamahala. Ang mga pagkukulang sa pagsulat ng kasaysayan ng Hapon, Tsina at Pilipinas noon ay naging batayan ni Tremml-Werner sa pagbubuo ng mga bagong konsepto ng pagsusulat ng kasaysayan ng tatlong teritoryo na isinalarawan ng *triangular trade*. Ang paghubog ng kani-kanilang ekonomiya ay nagbigay-daan upang makapagbigay ng bagong perspektibo sa kasaysayan ng mga teritoryong ito, buhat ng mga pagbabago na naidulot sa mga sistema rito. Ang pag-aaral ng paghubog sa Maynila bilang sentro ng pagpapalitan na ito ay patunay ng interaksyon sa mga elemento ng pag-aaral ng kasaysayan.

Samakatuwid, nabigyan din ng bagong mukha ang kasaysayang pampook (*local history*) bilang tagapagtaguyod ng pagsasalaysay ng kasaysayan na nakatuon sa iba't ibang aspeto ng lipunan at naging pagbabago sa lokal na naging sakop ng pag-aaral. Ngunit, nagbigay rin si Tremml-Werner ng babala hinggil sa pagsusuri ng mga datos na nakapagdudulot ng pagbalikwas sa pagsusulat ng kasaysayang malapit sa katotohanan.¹⁸ Dito pumapasok ang ambag ng interdispiplinaryong pag-aaral ng mga disiplina ng Agham Panlipunan, kung saan sa pamamagitan ng mga pokus ng mga ito, mas nabibigyang-linaw ang mga interaksyon, mula sa pansariling pag-iisip ng mga tao patungo sa pakikitungo sa mga dayuhan. Ang masusing pag-aaral ng malakihang perspektibo sa pamamagitan ng pagbibigay ng konsiderasyon sa mga maliliit na salik na makikita sa pagsasakonteksto ng mga naratibo sa kasaysayan ay makakapaghubog ng pag-aaral nito, gayundin ay magkakaroon ng mas masusing pag-aanalisa ukol sa kasaysayan.

Gayunpaman, ang pagkakaangkla ng pag-aaral na ito ay sumasaklaw pa rin sa pangkaraniwang pag-aaral ng kasaysayan gamit ang lente ng pag-aaral ng ekonomiya at pulitika. Bilang mga maimpluwensyang salik ng pagbabago ng lipunan, ang ekonomiya at pulitika ay ang naging pangkalahatang tema

¹⁶ Birgit Tremml-Werner, "The Castilian Territorial Model Colonial Offices", in *Spain, China and Japan in Manila: 1571-1644, Local Comparisons and Global Connections* (Amsterdam University Press, 2015), 108.

¹⁷ Birgit Tremml-Werner, "The Castilian Territorial Model Land Seizure and Regional Administration", 105.

¹⁸ Birgit Tremml-Werner, Conclusion", 317.

ng pag-aaral sa kabila ng pagtuon ng pokus sa mga interaksyon ng mga tao sa pagsasabalangkas ng *triangular relations* ni Tremml-Werner. Kaugnay nito, ang kanyang pamamaraan ng pagtingin sa mga interaksyon ay nagbibigay ng panibagong paghuhubog sa nakasanayang naratibo ng kasaysayan ng Maynila noong panahon ng pamamahala ng mga Español sa Pilipinas. Binuksan ng akda ang pagtuon sa pokus ng mga nakilahok sa sistemang nakapaloob dito bilang pagpapakilala sa iba pang perspektibo ng pag-aaral ng pagsasakasaysayan ng mga relasyon at diplomasya ng mga bansa.

Mahalagang tingnan ang papel ng tao bilang manunulat ng kanyang kasaysayan. Naisagawa ito ng Tremml-Werner sa pamamagitan ng pagbibigay-tuon sa mga naging papel ng katauhan sa pagpapatakbo ng ekonomiya noon sa Maynila. Ito ang isa sa mga naging kritikal na konsiderasyon sa pag-aaral na ito sapagkat ang mga naging ugnayan na nabuo ay maaaring magbunga pa ng mga ugnayan na nakakaapekto sa dimensyong panlipunan at personal sa mga naging kalahok ng pinag-aaralang aspeto, kung kaya ay kinakailangan ng masusing panunuri ukol sa konteksto ng panahon at nalalaman ng manunulat.

Sa konklusyon ng kanyang pag-aaral, binigyang-diin ni Tremml-Werner ang paggamit ng mga perspektibo na may matibay na sandigan mula sa mga dokumentong nagpapakita ng pagkakaroon ng relasyon sa pagitan ng mga Tsino, Hapones at mga Espanyol noon. Ngunit makikita rin sa mga naging argumento ng may-akda na ito ay nakaangkla sa perspektibong ipinakikita ng mga sanggunian na may repleksyon ng pagkiling nito sa mga kolonisador na maaaring magdulot ng pagkakaiba sa totoong intensyon o pagpapaliwanag sa pangyayaring naganap sa Maynila, kung bibigyang-konsiderasyon ang naging pagtingin ng mga lokal rito. Ito ang isa sa mga nagiging suliranin dahil sa kakulangan ng mga ebidensya na magpapakita rito. Kung ito ang gagamiting perspektibo, masasabing epektibo ang pagpapaliwanag ni Tremml-Werner hinggil sa naging dulot ng pagsasakatuparan ng mga polisiya at iba pang mga sistema hinggil sa *triangular relations* sa Maynila. Ngunit, hindi rin dapat maliitin ang mga posibleng naging implikasyon ng sistemang ito na nalimitahan sa pamamagitan ng pagkakahon sa naging tunguhin ng pag-aaral ukol sa paggamit ng *“local-central dualism”* na nakitang daan din upang magamit ang kasaysayang pampook (*local history*) sa pagpapaliwanag ng naging interpretasyon ng mga interaksyon na nakalap mula sa mga naging sanggunian para sa pag-aaral. Ang pagkakahon na ito ay maaaring nakapokus lamang sa perspektibo ng mga banyaga na noon ay maituturing na may kakayahang magsulat ng mga nangyayari na nabibigyang-kahalalahanan naman sa pag-aaral ng kasaysayan nito. Dahil naging pokus ni Tremml-Werner ang naging pangkalahatang dulot ng *triangular relations* sa

pag-aaral ng *global history* sa akdang ito, nagbukas ang posibilidad na pasimulan ang mas malalim na pag-aaral ng diplomasya at relasyon ng estado sa pamamagitan ng paggamit ng lente ng kasaysayang pampook (*local history*). Ito ay upang mas maipaliwanag pa ang naging interaksyon na nagresulta sa pagtutulungan ng mga estado at ang pagpili nito ng mga ideolohiya at sistemang kanilang magagamit sa kanilang pansariling pamamahala na makikita sa pag-aaral ng kasaysayan ng mga ito.¹⁹

Ang akdang ito ni Tremml-Werner ay nagbukas sa potensyal na pag-aaral ng pagsasakasaysayan ng mga sistemang karaniwang ginagamitan ng tradisyunal na lente ng kasaysayan. Dagdag pa rito ang pagpapakilala sa mga lente ng disiplina na nakatuon sa pag-aaral ng mga gawi at desisyon ng tao na naapektuhan ng kanyang pag-unlad at pangangailangan. Ang pamamaraang ito ay makakatulong sa pagpapalalim ng mga diskusyon sa patuloy na pagtuklas ng mga iskolar at mga nag-aaral ng kasaysayan at agham panlipunan sa mga naging epekto ng relasyon at nabuong diplomasya ng mga maimpluwensyang estado, lalo na sa panahon ng tinaguriang pag-usbong ng kalakalan at komersyo sa Asya. *

¹⁹ Ipinaliwanag ni Tremml-Werner ito sa kanyang konklusyon: “*Only by taking local history into account can global history truly reveal the multifaceted interdependence and imbrications between different world regions and their effects on shaping local and national histories*”. Bunga nito, binigyang-diin ng may-akda ang kahalagahan ng pagbibigay ng konsiderasyon sa mga pagbabagong maraming lumutang sa mga susunod na pag-aaral na maaaring makaapekto sa kasalukuyang interpretasyon ng kasaysayan ng ugnayan ng mga estado ng Tsina, Hapon at Imperyong España sa Pilipinas.; Birgit Tremml-Werner, “Conclusion”, 317.

Mga Sanggunian

Bell, Duncan S. A. "History and Globalization: Reflections on Temporality" Review of *Globalization in World History*, by A. G. Hopkins and *Global Metaphors: Modernity and the Quest for One World*, by Jo-Anne Pemberton. *International Affairs*. July 2003.

_____. "Birgit Tremml Werner." Linneaus University. Accessed September 6, 2024, <https://lnu.se/en/staff/birgit.tremmlwerner/>

_____. "Birgit Tremml-Werner." Stockholm University. Accessed September 6, 2024, <https://www.su.se/english/profiles/bitr0401-1.635173>

Hopkins, A.G. (ed.), *Global History: Interactions between the Universal and the Local*. Basingstoke: Palgrave Macmillan, 2006.

Weber, Max. "Bureaucracy." In *From Max Weber: Essays In Sociology*, edited by H. H. Gerth and C. Wright Mills. Oxford University Press, 1946.

Weber, Max. "Politics as Vocation." In *From Max Weber: Essays In Sociology*, edited by H. H. Gerth and C. Wright Mills. Oxford University Press, 1946.